Simula noong Ika-15 ng Abril, 2026, may karagdagang mga dokumento sa pagpapatunay ng kakayahan sa Nihonggo ay kakailanganin para sa pag-aaplay sa “Engineer, Specialist in Humanities, International Services” residence status.



Impormasyon na base sa Immigration Services Agency

Para sa mga aplikasyon na naisumite sa loob o matapos ang Miyerkoles, Ika-15 ng Abril, 2026, kakailanganin ninyong mag-bigay ng mga sumusunod na karagdagang mga dokumento Kung ang inyong kaanib na organisasyon (employer) ay nasa Kategorya bilang 3 o 4.

- **Declaration form tungkol sa kinatawan ng kaanib na organisasyon (employer)**
- **Kung kayo ay nakikibahagi sa interpersonal na trabaho** gamit ang inyong mga kadalubhasaan sa lenguahe: Mga Dokumento na nagpapatunay na may taglay kayong kahusayan sa lenguahe katumbas sa level **CEFR B2 sa nasabing lenguahe.**

TALA: Kung inyong matugunan ang alin man sa mga sumusunod na criteria, kayo ay isasaalang-alang na may taglay na kakayahan sa Nihonggo na katumbas ng CEFR B2.

- Nakuha ninyo ang N2 level o mas mataas sa JLPT
- Nakamit ninyo ang puntos na 400 o mas mataas sa BJT Business Japanese Proficiency Test
- Naninirahan kayo sa Japan bilang mid-to-long-term resident ng 20 taon or mas mahaba
- Nagtapos kayo mula sa isang Unibersidad ng Japan
- Nakumpleto ninyo ang alin man sa specialized course o advanced course mula sa alin man sa Japanese technical college o vocational school.
- Nakumpleto ninyo ang sapilitang edukasyon at nagtapos mula sa Mataas na Paaralan sa Japan

Para sa mas maraming impormasyon tungkol sa mga kailangang dokumento kung ang inyong kaanib na organisasyon (employer) ay nasa kategorya 3 o 4, mangyaring tingnan ang Immigration Services Agency homepage.

https://www.moj.go.jp/isa/applications/status/gijinkoku.html

Mga Pagtatanungan

Sapporo Regional Immigration Services Bureau
(Main Office + 5 Branch Offices)
https://www.moj.go.jp/isa/about/region/sapporo/index.html

Ang mga serbisyong Konsultasyon ay sa Nihonggo lamang. Kung nais ninyong kumonsulta sa lenguahe bukod sa Nihonggo, mangyaring kumontak sa Hokkaido Foreign Resident Support Center